

KANI CITY GIGA SCHOOL
ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG ICT • TABLET DEVICE
(Para sa mga Mag-aaral)

Kani City Board of Education

APAT NA PANGUNAHING ALITUNTUNIN

1. Gamitin ng may pag-iingat

Ang tablet device ay isa sa mahahalagang bagay na binili gamit ang pera ng gobyerno at lungsod upang mas maunawaan, mapalalim at mapalawak ang kaalaman at pag-iisip ng mag-aaral. Gamitin ito ng may pag-iingat upang hindi masira o mawala.

➡ Tuparin ang nakasaad sa **「Maingat na Paggamit ng Tablet Device」**

2. Sundin ang mga patakaran sa paggamit

Ang tablet device ay isang materyales na ginagamit para sa pag-aaral sa paaralan at sa bahay. Sundin ang mga patakaran at gamitin ito ng tama.

➡ Tuparin ang nakasaad sa **「Alituntunin sa Paggamit sa Bahay at Paaralan」**

3. Mag-ingat sa kalusugan at kaligtasan kapag ginagamit ito.

Ang paggamit ng tablet device ng mahabang oras ay maaaring magdulot ng hindi magandang postura at paglabo ng mata. Ang pag gamit nito habang naglalakad ay maaaring mag resulta ng aksidente. Mag-ingat sa kalusugan at kaligtasan kapag ginagamit ito.

➡ Tuparin ang nakasaad sa **「Mga Dapat Ingatan sa Kalusugan」**



4. Alamin ng mabuti ang tungkol sa moralidad at seguridad ng impormasyon

Ang hindi tamang paggamit ng tablet device ay maaaring maging dahilan ng aksidente o masamang pangyayari sa sarili o sa ibang tao. Alamin ng mabuti ang tungkol sa moralidad at seguridad ng mga impormasyon upang hindi makasakit ng ibang tao o ng sarili.

➡ Tuparin ang nakasaad sa **「Alituntunin upang hindi Mapahamak and Sarili o Ibang Tao」**

Maingat na paggamit ng tablet device

(1) Ingatan ang paggamit dahil mahina ang tablet device sa mga sumusunod.

- Mga lugar na maraming tubig o ma-moist
- Mga lugar na madaling uminit gaya ng malapit sa kalan o direktang nasisikatan ng araw
- Pagpatong ng mabibigat na bagay sa tablet device
- Paghawak sa screen gamit ang matulis na bagay gaya ng lapis o ballpen
- Mailaglag
- Magnet • Alikabok o buhangin



Ipaalam agad sa paaralan o miyembro ng pamilya kung nasira, nawala o nanakaw.

(2) Responsibilidad natin na alagaan ang ating mga personal na gamit, tulad ng pagtatalaga kung saan itatabi ang mga ito upang hindi mawala o manakaw.

Ang tablet ay isang device na kailangan ng pag-iingat sa paggamit at isaisip na "Huwag mabasa", "Huwag malaglag" at "Huwag ilagay malapit sa kalan o masikatan ng araw".



Alituntunin sa paggamit sa bahay at paaralan

- (1) Ang tablet device ay gagamitin para sa pag-aaral.
- (2) Gamitin ito upang maipahayag ang saloobin.
- (3) Huwag ipahiram sa kaibigan ang tablet device.
- (4) Ilagay ito sa loob ng bag kung papasok sa paaralan o pauwi sa bahay.
- (5) Kung gagamitin ito sa bahay, kailangang pag-usapan kung saang lugar gagamitin sa ilang oras ang paggamit.
✖Itago ito sa lugar kung saan nakikita din ng mga kasama sa bahay.
- (6) Kung gagamitin ito sa bahay, ikonekta ito sa Wi-Fi ng bahay.
- (7) I-charge ito sa bahay para magamit kinabukasan sa paaralan.
- (8) Kumonekta lamang sa mga network na aprubado ng paaralan, miyembro ng pamilya at lungsod.
- (9) Sundin ang bilin ng mga guro tungkol sa mga dokumentong ginawa sa tablet device at data mula sa Internet (kabilang ang mga larawan at video) at i-save ang mga ito sa itinalagang files. Ang mga hindi kailangang data ay tatanggalin agad.
- (10) Humingi ng pahintulot sa pamilya o guro kung gagamitin ang camera.
- (11) Gumamit lamang ng USB o iba pang device na inaprubahan ng mga guro.



Sundin ang mga patakaran at gamitin ito ng tama upang maging payapa ang isip sa pag-aaral.



Mga Dapat Ingatan sa Kalusugan

- (1) Kung gagamitin ang tablet device, siguraduhing tama ang postura (nakaupo sa upuan ng tuwid), at hindi masyadong malapit sa screen (30cm mahigit ang layo).
- (2) Ipahinga ang mga mata kada 30 minuto ng 1 (isa) beses sa loob ng mahigit 1 (isa) minuto at itingin sa malalayong tanawin.
- (3) Pag-usapan sa pamilya kung ilang oras maaaring gumamit nito, at iwasan ang tuloy-tuloy na mahabang oras ng paggamit.
- (4) Tumigil na sa paggamit 1 (isa) oras bago matulog.
- (5) Bawal gumamit ng tablet tuwing papasok o uuwi galing iskwelahan.
- (6) Kapag gagamitin ito sa labas ng paaralan na may pahintulot ng guro, tiyaking mabuti kung ligtas ba iyong kapaligiran, humito at gamitin ito.

Iwasan ang paggamit ng tablet device ng mahabang oras at isaisip ang "tamang postura", "angkop na oras" at "tamang pahinga" para sa iyong kalusugan.



4. Alituntunin upang hindi Mapahamak and Sarili o Ibang Tao

- (1) Huwag mag-post ng mga personal na impormasyon (gaya ng buong pangalan, tirahan, phone no. o mga litratong malalaman ang pagkakakilanlan) sa Internet o SNS.
- (2) Palaging humingi ng permiso kung kukuhanan ng litrato ang isang tao, kanilang gamit o bahay.
- (3) Upang maging komportable ang pakiramdam sa paggamit ng internet, laging isaalang-alang ang mararamdaman ng ibang tao.
- (4) Ang user ID (log in ID) at password ay isang bagay na dapat sarili lang ang nakakaalam. Panatilihin itong sikreto kahit sa malalapit na kaibigan.
- (5) Kung napasok ka sa site na kahina-hinala habang gumagamit ng internet o parang may sira ang ginagamit na tablet, i-off agad ang screen ng tablet at sabihan ang guro (kung nasa paaralan) at magulang (kung nasa bahay).

Kung hindi ito gagamitin ng tama, maaaring mapahamak, maging sanhi ng gulo o malagay sa panganib ang ibang tao. Sundin ng mabuti ang mga patakaran at asal, at gamitin ito ng tama.

